Light Reading, ang pahayagan ng kustomer ng Seattle City Light para sa Hulyo-Agosto, 2013

Mensahe mula kay Jorge Carrasco,
Pangkalahatang tagapamahala at pangunahing opisyal na tagapaganap

Bawa't araw ay nagtatrabaho ang mga tauhan ng City Light upang mapanatiling nakasindi ang inyong mga ilaw. Habang bumubuti ang panahon, ginagawa namin ang mga proyektong maaaring mahirap gawin kapag taglamig.

Sa kasalukuyan, ang City Light ay nasa pangunahing hakbang ng pagbubuo ng Denny Substasyon, ang pinakauna sa loob ng 30 taon. Ito ay makakaragdag ng kahusayan, at tutugon sa tumataas na pangangailangan ng enerhiya, lalo na sa lumalagong high-tech, na bio-medical center ng South Lake Union. Hanggang sa Oktubre, ang mga tauhan ay maghuhukay at magtatapon ng mga kontaminadong lupa, magtatambak ng malinis na materyal, pagkatapos ay mag-aayos ang mga kalye at bangketa.

Samantala, upang maghanda para sa bagong Elliott Bay seawall, na kinikilalang isang kritikal na pampublikong proyektong pangkaligtasan, kami ay maglilipat ng mga electrikal na utility, at magkakabit ng pang-ibabaw na mga kable sa mga bagong poste.

Abala din ang mga tauhan sa First Hill, nagpapalit ng mga lumang posteng kahoy at binabago ang mga kable.

Kapag kayo ay nakakakita ng isang dilaw na City Light na trak at mga tauhan, tandaan, ang mga ito'y naririyan upang magkaloob sa inyo ng pinakamahusay na serbisyong pangkustomer sa bansa.

Paligsahan ng Pagluluto Sa Kilowatts
Ang City Light ay nag-iisponsor ng ay isang paligsahan na tinatawag Pagluluto Sa Kilowatts. Gusto naming kayo ay gumamit (o lumikha) ang isang recipe na karaniwan ninyong hinuhurno sa elektric na oven. Ang hamon ay ang gumamit ng isang pamamaraan ng pagluluto na gumagamit ng mas kakaunting koryente kaysa sa isang oven. Halimbawa, makikita ninyo sa tsart sa ibaba, ang isang microwave ay gumagamit ng mas mababang enerhiya kaysa gamit ang isang oven.

Appliance	Temp	Tagal	Enerhiya	Gastos*
Elektric oven	350 F	1 oras	2.0 kWh	19 sentimos
Toaster oven	425 F	50 min.	.95 kWh	9 sentimos
Crockpot	200 F	7 oras	.7 kWh	7 sentimos
Microwave oven	"Mataas"	15 min.	.36 kWh	3 sentimos

(Tsart mula sa *Consumer Guide to Home Energy Savings*)
* Ipinapalagay 9.5 sentimos/kWh

Ang bawat customer na magsusumite ng isang recipe ay makatatanggap ng isang maliit na premyong-pasasalamat. Ang taong magsusumite ng panalong recipe ay tatanggap din ng engrandeng premyo. Para sa mga panuntunan, premyo, impormasyon sa paligsahan, at upang magsumite ang inyong recipe, pumunta sa www.seattle.gov/light/recipe.

Mga bata: Sumali sa aming paligsahan sa kalendaryo
Ang City Light ay mag-iisponsor ng isa pang paligsahan - ito ay para sa mga bata na nasa baitang 3-6. Ito ang aming ikalawang taunang paligsahang Shrinking Bigfoot. Ipadala sa amin ang likhang sining na nagpapakita kung paano makababawas ng inyong carbon footprint at magtipid ng enerhiya. Ang sining at mga larawan ng 12 na magwawagi ay ilalathala sa aming 2014 Shrinking Bigfoot na kalendaryo. Ang perang kikitain mula sa mga benta ng kalendaryo ay mapupunta sa Project Share, na tumutulong sa mga kustomer na nagkakaproblema sa pagbabayad ng kanilang elektric bill. Ang mga detalye sa www.seattle.gov/light/contest.

Magtipid sa bayarin, pagkukumpuni
Ang Lungsod ng Seattle ay nag-aalok ng tatlong programa sa mga kwalipikadong kustomer na makatutulong sa mga bayaring kuryente at pagkukumpuni ng bahay. Tumawag sa 206.684.3417 o bisitahin ang Seattle City Light Utility Discount Program website sa www.seattle.gov/light/discount at maaaring makatipid ng hanggang sa 60 porsiyento sa inyong bayarin sa enerhiya. Upang makaalam tungkol sa Home Repair Loan Program at HomeWise Weatherization Program para sa pamilyang may mababang kita, tumawag sa Office of Housing sa 206.684.0244 o bumisita sa www.seattle.gov/housing.

Ang City Light ay nasa YouTube
Manood ng mga video kung paano makatitipid ng enerhiya, at iba pang mga kaalamang naka-video sa aming YouTube channel: www.youtube.com/user/SeattleCityLight. I-akses ang playlist na mga kategorya: I-click ang "Videos," "Uploads," pagkatapos ay I-click ang "Playlist".

Impormasyong Pakikipag-ugnayan ng City Light
Seattle City Light
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light

May mga tanong, komento o suhestiyon? Tumawag sa 206.684.3000 o mag-email sa *Tell Seattle City Light* (online sa www.seattle.gov/light).
Patnugot: Connie McDougall, connie.mcdougall@seattle.gov